Abide

# Ang Salita ang Nag-iingat sa Atin Laban sa Kasamaan

WEEK 6

## WARM-UP

- Anong regalo ang labis mong ipinagpapasalamat na natanggap mo? Bakit labis itong mahalaga para sa iyo?
- Kapag nakakaranas ka ng isang pagsubok, sino ang taong naiisip mong tawagan? Bakit siya ang pinipili mong tawagan?
- Magbahagi tungkol sa panahong may pinagdaraanan kang isang mahirap na sitwasyon at may taong nanatili sa tabi mo. Ano ang nangyari?

## WORD

8*"Sapagkat itinuro ko sa kanila ang mga itinuro mo*
*sa akin, at tinanggap naman nila. Sigurado silang*
*nagmula ako sa iyo, at naniniwala silang isinugo mo ako.*
9*Idinadalangin ko sila. Hindi ako nananalangin para sa*
*mga taong makamundo kundi para sa mga taong ibinigay*
*mo sa akin, dahil sila ay sa iyo."* **JUAN 17:8–9**

Makikita sa ika-17 kabanata ng aklat ni Juan ang panalangin ni Jesus para sa Kanyang mga disipulo bago Siya arestuhin at ipako sa krus. Dahil alam Niya na malapit nang magtapos ang pananatili Niya sa piling ng mga tao sa lupa, ipinanalangin ni Jesus ang Kanyang mga disipulo at ipinadala Niya sila sa mundo. Si Jesus, ang ating Panginoon at Tagapagligtas, ay nananalangin para sa ating mga disipulo Niya, upang mailayo tayo sa kaaway at maging banal habang isinasagawa natin ang Kanyang misyon para sa atin. Tingnan natin ang panalanging ito ngayon.

## 1 Ipinanalangin ni Jesus na maingatan ang Kanyang mga disipulo laban sa kaaway.

*[15]"Hindi ko idinadalangin na kunin mo na sila sa mundo, kundi ingatan mo sila laban kay Satanas. [16]Hindi sila makamundo, tulad ko na hindi makamundo."* **JUAN 17:15–16**

Bilang mga disipulo ni Jesus, mararanasan natin ang paghihirap, pag-uusig, at maging ang kamatayan ng ating pisikal na pangangatawan habang tayo ay nabubuhay dito sa lupa. Subalit ipinapanalangin ni Jesus na mapangalagaan ng Diyos ang ating mga puso at isipan sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal at presensya sa bawat sitwasyong nararanasan natin. Ano ang mga pagsubok na naranasan ni apostol Pablo at ng iba pang mga mananampalataya sa 2 Corinto 1:8–10? Paano nila napagtagumpayan ang paghihirap na ito?

## 2 Ipinanalangin ni Jesus na maibukod ang Kanyang mga disipulo sa pamamagitan ng salita.

*"Ibukod mo sila upang maging iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ay katotohanan."* **JUAN 17:17**

Ang ikalawang bahagi ng panalangin ni Jesus ay ang pagpapabanal o pagbubukod sa atin sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Sa patuloy nating pananatili sa Kanyang salita, patuloy nating mararanasan ang kaligtasan laban sa kapangyarihan ng kasalanan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salita ng Diyos na bumabago at nagpapabanal sa atin, tayo ay nagiging mas katulad ni Jesus araw-araw. Sa palagay mo, bakit ito ang isa sa mga huling panalangin ni Jesus bago Siya arestuhin (Juan 18)?

Matapos Niyang ipanalangin na mailayo sa kaaway ang Kanyang mga disipulo at maibukod sa mundo sa pamamagitan ng salita, sinabi ni Jesus sa Ama na: *“Isinugo mo ako rito sa mundo, kaya isinusugo ko rin sila sa mundo upang mangaral”* (Juan 17:18). Hindi na ito isang panalangin; ito ay isa nang pagpapahayag ng katotohanan. Ang mga tagasunod ni Jesus ay dapat nang pumunta sa mundo at magpahayag ng Kanyang katotohanan saan man sila pumunta. Bagama’t mahirap ito gawin, mayroong katiyakan na dala nila ang proteksyon at kapangyarihang mula sa Diyos, gaya ng ipinahayag ng panalangin ni Jesus para sa atin. Ibinibigay ng Diyos ang lahat ng kailangan natin upang sundin at maipahayag Siya sa mundo.

## APPLICATION

- Sa palagay mo, ano ang nararamdaman ni Jesus habang nakatingin Siya sa Kanyang mga disipulo at nananalangin para sa kanila? Ano ang tugon mo sa Kanyang panalangin?
- Ang kahulugan ng pagiging katulad ni Cristo ay isang lumalago at lumalalim na ugnayan sa Diyos. Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayon upang patuloy na lumalim ang pagkakaunawa mo sa Kanyang salita?
- Bagama't hindi na tayo bahagi ng mundo, tayo ay naririto pa rin sa mundo at si Jesus ang nagpadala sa atin dito. Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang Anak na si Jesus, na Siyang nananalangin para sa atin at humihiling ng ating kalayaan at kabanalan sa Ama habang nananatili tayo sa katotohanan. Pasalamatan Siya sa Kanyang dakila at walang hanggang pagmamahal sa atin.
- Ipanalangin na patuloy mong mararanasan ang katotohanan habang patuloy kang nananatili sa salita ng Diyos at nagsasagawa ng Kanyang misyon. Ipanalangin na lalo pang lumalim ang ugnayan mo sa Diyos.
- Hingin sa Diyos ang Kanyang proteksyon at kalayaan habang patuloy mong isinasagawa ang Kanyang misyon sa iyong buhay. Ipanalangin na maranasan mo ang Kanyang presensya sa mas malalim na paraan araw-araw at maipahayag mo sa iba kung sino Siya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph